

One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

MAG-IPON TAYO NG TUBIG

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～水を蓄えよう～

Sa naganap na malakas na lindol sa parteng Niigata na kung tawagin ay CHUETSUOKI JISHIN noong Hulyo 17 ay marami rin ang naging biktima ng lindol. Sa disaster site ay may sapat na inumin para sa lahat subalit ang gamit na tubig para sa paglalaba, pampaligo, pang-toilet at iba pang pang-araw-araw na gamit ay hindi sapat ang naipong tubig.

***DAMI NG KAKAILANGANING TUBIG SA ORAS NG KALAMIDAD —**

Hindi lamang ang iinumang tubig ang kakailanganin kundi maging ang mga tubig na gagamitin para sa pagluluto, paghihilamos, paghuhugas ng kamay, pang-flush sa mga toilet at marami pang ibang pagkakagamitan nito. Kapag may nasugatan, kakailanganin rin ang malinis na tubig para mahugasan ang sugat.

Generally, ang kakailanganing tubig para sa 1 araw ng bawat 1 tao ay may 30 litrong tubig. Subalit sa oras na may disaster, mahirap mangyari na masustentuhan ang bawat isang tao ng 30 litrong kakailanganin sa 1 araw. Mas mainam na may sigurado na tayong ipong tubig kahit inuming tubig man lang para sa tatlong araw habang hinihintay natin ang pagdating ng serbisyo ng mga water tank truck o life line. Ugaliin natin sa ating tahanan na palagi maghanda at mag-ipon ng tubig.

***MAGHANDA NG TUBIG NA TATAGAL NG MAHABANG PANAHO —**

Sa loob ng ating tahanan ang ilan sa maaari nating mapag-ipunan ng tubig ay ang mga bath tub, poly tank, malalaking container at marami pang iba. Kung may palagian tayong iniipon na tubig, sa oras ng disaster ay malaki ang pakinabang na maidudulot nito para sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang ipon nating tubig ay hindi pwedeng itago ng mahabang panahon. Kailangang minsanang palitan din ito dahil kapag na luma na ang tubig ay nabubulok at nagkakaroon din ito ng mga amag at iba pang bacteria na pwedeng magdulot ng mga communicable disease, infection o sakit ng tiyan.

May nabibili ring inumin para sa oras ng emergency na tumatagal ng 5~6 na taon.